**ACTIVITY SHEET**
**ARALING PANLIPUNAN 1**
**QUARTER 3-MODULE 7**

Pangalan: ________________________________________________1-__________________

## Mga Alituntunin sa Aking Paaralan

Activity No. 1

**Panuto:** Basahin ang bawat pahayag. Isulat ang **Tama** kung ito ay pagsunod sa alituntunin at **Mali** kung ito ay paglabag. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

_________1. pandaraya sa pagsusulit

_________2. pagiging tahimik tuwing nagsasalita ang guro

_________3. pagpasok nang tahimik sa silid-aralan

_________4. pakikipag-away sa kaklase

_________5. pagtatapon ng basura sa tamang lugar

Activity No. 2

**Panuto:** Basahing mabuti ang mga sumusunod na pangungusap. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa iyong sagutang papel.

____1. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng paglabag sa alituntunin ng silid-aralan?
a. paggawa ng takdang-aralin sa bahay
b. pagsagot ng takdang-aralin ng kaklase
c. hindi paggawa ng takdang-aralin
d. pagtatapon ng basura sa tamang lalagyan

____2. Ano ang dapat gawin kapag tayo ay pupunta at bibili sa kantina?
a. tumakbo papunta sa kantina
b. sumingit sa mga batang bumibili sa kantina
c. pumila at maghintay ng pagkakataon na makabili sa kantina
d. makipag-unahan sa pagbili sa kantina

____3. Alin sa mga sumusunod ang tamang pagpapakita sa pagsunod sa alituntunin?
a. Pinaghihiwalay ni Jobelle ang mga basurang nabubulok at hindi nabubulok.
b. Laging lumiliban sa kanyang klase si Mary Grace.
c. Sinusulatan ni Alexis ang bawat bahagi ng silidaralan.
d. Natutulog si Ronnel sa oras ng klase.

____4. Alin ang nagpapakita ng pagpapahalaga sa alituntunin ng paaralan?
a. pagpitas ng mga bulaklak sa hardin ng paaralan
b. pagtakbo sa loob ng paaralan
c. pagsunod at paggalang sa mga namumuno sa paaralan
d. pagsusulat sa pader ng paaralan

____5. Ano ang magiging epekto ng pagsunod sa mga alituntunin ng paaralan?
a. Ang paaralan ay magiging maayos at magiging disiplinado ang mga mag-aaral.
b. magkakaroon ng kaguluhan sa paaralan
c. magkakaroon ng hindi maayos na sistema ang paaralan
d. magiging magulo ang lahat sa paaralan

LIVEWORKSHEETS